Pangangalagang Pangkalusugan sa Ontario: Pagsisimula

Kung naninirahan ka sa Ontario o planong lumipat dito sa madaling panahon, maaaring may mga tanong ka tungkol sa kung paano makakakuha ng tulong na medikal. Kung may mga tanong ka, ito ay isang magandang lugar para magsimula. Makakatagpo ka ng mga sagot sa lahat ng mga tanong na pangkaraniwang itinatanong ng mga tao sa Ontario tungkol sa pangangalagang pangkalusugan. Inayos namin ang impormasyon sa ilalim ng dalawang pamagat:

- Tungkol sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Ontario
- Kung paano magpapatala at magsisimulang makakuha ng tulong na medikal

Mahahanap ninyo itong papel ng dapat malaman online sa iba pang mga wika sa ontario.ca/healthcarebasics. Pindutin ang buton na "Information in Other Languages." Ang online na bersiyon ay magbibigay din sa inyo ng mga link upang makakuha ng karagdagang kaalaman tungkol sa pagkuna ng pangangalagang medikal sa Ontario.

Tungkol sa sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Ontario

1. Sino ang nagbabayad ng pangangalagang pangkalusugan sa Ontario

Kung naninirahan ka sa Ontario, marami sa mga serbisyong pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo ay pinopondohan ng publiko. Ito ay nangangahulugan na ang gobyerno ay nagbabayad sa lahat o bahagi ng gastos para sa iyo. Sa mga serbisyo ay kabilang ang:

- mga pagbisita sa iyong doktor ng pamilya at mga espesyalista
- karamihan sa mga basiko at pang-emerhensiyang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang pag-opera at pagtigil sa ospital

Upang magbayad para sa mga serbisyong ito, itinatag ng Ontario ang Ontario Health Insurance Plan. Karamihan sa mga tao sa Ontario ay tinatawag ang plano sa maikling pangalan nito: OHIP. Kapag ang mga naninirahan sa Ontario ay nagbabayad ng mga buwis, ang ilan sa mga pera ay pumupunta sa planong ito upang bayaran ang mga serbisyong pangkalusugan. Upang masakop ng OHIP, kailangan mong magpatala upang sumapi. Ang mga doktor at ibang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ay sumisingil naman sa OHIP para sa mga serbisyong ipinagkakaloob sa iyo.

Payo: *Kung hindi ka kuwalipikado sa OHIP, dapat mong bayaran ang iyong sariling mga gastos sa pangangalagang pangkalusugan habang nasa Ontario. O, maaari mong isaalang-alang ang pagbii ng pribadong segurong pangkalusugan. Sa pribadong seguro, nagbabayad ka ng buwanang fee sa isang kompanya upang masakop nila ang mga partikular na gastos sa pangangalagang pangkalusugan. Kahit na kuwalipikado ka sa OHIP, magagamit mo ang pribadong seguro upang bayaran ang ilan sa mga serbisyo na hindi sakop ng OHIP.*

Tagalog – Health Care in Ontario: Getting Started Cat# 015569 Nov/2010 © Queen's Printer for Ontario

Ontario

2. Sino ang nagbabayad para sa Ontario Health Insurance Plan (OHIP)?

Ang OHIP ay ang pinatatakbo-ng-gobyerno na planong pangkalusugan para sa Ontario. Ito ay pinopondohan ng pera mula sa mga buwis na binabayaran ng mga residente at negosyo sa Ontario.

3. Anong mga serbisyong medikal ang sakop ng Ontario Health Insurance Program (OHIP)?

Ang OHIP ay nagbabayad para sa pinakabasikong mga serbisyong medikal at pang-emerhensiya na natatanggap ninyo sa Ontario – sa kondisyon na kailangan ninyo ang mga ito para sa mga dahilang medikal. Ang tsart na ito ay nagsasabuod ng mga serbisyong maaari mong matanggap sa pamamagitan ng OHIP:

Sakop ng OHIP:	**HINDI sakop ng OHIP:**
• Pinakabasikong mga serbisyong medikal at pang-emerhensiya na natatanggap ninyo sa Canada – sa kondisyon na kailangan ninyo ang mga ito para sa mga dahilang medikal. • Ilang serbisyong pang-emerhensiya na natatanggap ninyo habang nasa labas ng Canada. May mga partikular na tuntunin tungkol sa haba ng panahon na maaaring malayo ka	• Mga hindi kailangang serbisyo ng pag-operang kosmetiko • Mga resetang gamot, pangangalaga ng ngipin at karamihan sa mga pagsusuri ng mata • Mga serbisyong pangangalaga sa bahay, mga serbisyo ng ambulansiya at pangmatagalang pangangalaga sa labas ng Ontario

Kung paano magpapatala at magsisimulang makakuha ng tulong na medikal

4. Maaari ba akong mag-aplay para sa pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng Ontario Health Insurance Plan (OHIP)?

Upang makapag-aplay para sa OHIP, dapat na magawa mong sumagot ng 'oo’ sa tatlong tanong na nakalista sa ibaba:

- Ang iyo bang panungahing bahay o tirahan ay nasa Ontario?
- Sa unang anim na buwan na nanirahan ka sa Ontario, malayo ka ba rito nang kulang sa 30 araw?
- Ikaw ba ay nasa Ontario para sa hindi kukulangin sa 153 araw sa anumang 12-buwang panahon?

May partikular na ibang mga kondisyon. Halimbawa, hindi ka kuwalipikado para sa OHIP kung ikaw ay:

- isang bisita o turista
- humihingi ng katayuan ng refugee
- wala sa Ontario para sa hindi kukulangin sa 153 araw sa anumang 12-buwang panahon
- wala sa Ontario para sa hindi hihigit sa 30 araw sa iyong unang 183 araw rito
- isang banyagang estudyante o, sa ilang kaso, isang banyagang manggagawa

Maaari kang makakuha ng karagdagang kaalaman online tungkol sa kung sino ang maaaring mag-aplay para sa OHIP.

Payo: Kung bago ka sa Ontario, may tatlong-buwang panahon ng paghihintay bago masakop ng OHIP ang iyong mga gastos na medikal. Maganda pa ring ideya na mag-aplay para sa isang kard ng OHIP pagdating mo rito. Upang masakop ang panahon ng paghihintay maaari mong isaalang-alang ang pagbili ng pribadong seguro.

5. Paano ako mag-aaplay para sa Ontario Health Insurance Plan (OHIP)?

Dapat kang mag-aplay nang personal sa opisina ng ServiceOntario na pinakamalapit sa iyo.

Upang mag-aplay, dapat mong:

- **Kumpletuhin ang isang form** upang magparehistro para sa Ontario Health Coverage (form 0265-82). Makakakuha ka ng kopya ng form sa opisina ng ServiceOntario. O, kumuha ng kopya online.
- Magbigay ng mga orihinal na dokumento upang itatag ang iyong pagkakakilanlan, patunayan na naninirahan ka sa Ontario at ipakita na natutugunan mo ang mga iniaatas na pang-imigrasyon.

6. Ano ang dapat kong gawin kapag kailangan kong kumuha ng tulong sa pamamagitan ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan ng Ontario?

Dapat mong ipakita ang iyong kard na pangkalusugan sa Ontario kapag pupunta ka para sa tulong na medikal. Ang kard ay nagpapatunay na ikaw ay karapat-dapat na magkaroon ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na binabayaran ng Ontario Health Insurance Plan (OHIP). Matatanggap mo ang iyong kard kapag sumapi ka sa plano. ***Laging dalhin ang iyong kard.***

Saan ka dapat pumunta para sa tulong? Ito ay depende sa uri ng tulong na kailangan mo. Ang tsart na ito ay nagsasabuod ng iyong mga pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan.

Pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan	**Ano ito…**	**Kailan mo maaaring kailanganin ito…**
Telehealth (1-866-797-0000)	Ito ay isang libre, kompidensiyal na serbisyo sa telepono. Makakakuha kayo ng payong pangkalusugan o pangkalahatang impormasyong pangkalusugan mula sa isang Rehistradong Nars.	Kapag kailangan mo ng tulong anumang oras ng araw o gabi upang ipasiya kung ano ang gagawin: ▪ mag-alaga ng sarili ▪ gumawa ng appointment sa iyong doktor ▪ pumunta sa isang klinika ▪ tawagan ang isang serbisyo sa komunidad ▪ pumunta sa isang silid na pang-emerhensiya ng ospital
Mga doktor at ibang mga tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan ng pamilya	Kabilang dito ang iyong doktor ng pamilya at mga nars. Sila ay nagtutuon ng pansin sa paggamot ng pamilya, pagsusuri at paggamot ng mga sakit, karamdaman ng katawan at mga pinsala ng mga pasyente anuman ang edad.	Kapag kailangan mo ng tulong para sa mga di-emerhensiyang kalagayan.
Mga Family Health Team	Ang Family Health Team ay nagsasama-sama ng iba’t ibang tagapagkaloob ng	Kapag kailangan mo ng tulong para sa mga di-emerhensiyang

Pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan	Ano ito…	Kailan mo maaaring kailanganin ito…
	pangangalagang pangkalusugan upang maghatid ng pinakamataas na posibleng kalidad ng pangangalaga para sa mga nakatalang pasyente. Kasama sa mga pangkat ang mga doktor, nars at ibang mga propesyonal na magkakasamang nagtratrabaho upang magkaloob sa iyo ng maraming pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan.	kalagayan.
Mga Nurse Practitioner Clinic	Sa mga klinikang ito, makakakuha ka ng basikong pangangalagang pangkalusugan at malalaman ang tungkol sa pananatiling malusog at pagpigil sa sakit. Ang mga klinika ay tutulong din sa iyo na mahanap ang ibang mga serbisyo at mga programang nakabase sa komunidad na maaaring kailanganin mo.	Kung wala kang doktor ng pamilya at kailangan ng basikong pangangalagang pangkalusugan.
Mga Sentro ng Kalusugan sa Komunidad	Ang mga sentro ay nagkakaloob ng mga programa sa kalusugan at pagtataguyod ng kalusugan para sa mga tao, pamilya at komunidad.	Kapag nahihirapan kang makakuha ng pangangalaga dahil sa mga hadlang na tulad ng: ▪ wika ▪ kultura ▪ mga kapansanan ng katawan ▪ kawalan ng bahay ▪ kahirapan ▪ malalayong lugar
Mga walang-appointment o pagkatapos ng mga regular na oras na klinika	Ito ay isang di-nakabase sa ospital na klinika kung saan makakakuha ka ng pangangalaga para sa mga madali, di-emerhensiyang mga pangangailangan. Ang mga oras ng klinika ay madalas na hanggang gabi at sa mga araw ng Sabado at Linggo. Madalas na makakapasok ka nang walang appointment.	Kapag kailangan mo ng tulong para sa mga di-emerhensiyang kalagayan.
Sentro ng Apurahang Pangangalaga	Ang mga Sentro ng Apurahang Pangangalaga ay nagkakaloob ng tulong para sa mga di-nagbabanta-sa-buhay na mga kondisyon sa araw, sa gabi at sa mga araw ng Sabado at Linggo. Ang	Kapag kailangan mo ng kaagad na pangangalaga para sa mga menor o hindi kumplikadong kondisyon sa mga hindi gaanong apurahang kalagayan. ***Mga***

Pagpipilian sa pangangalagang pangkalusugan	Ano ito…	Kailan mo maaaring kailanganin ito…
	mga Sentrong ito ay maaaring magkaloob ng lahat ng mga uri ng serbisyo maliban sa pag-opera.	***halimbawa:*** mga pinsala sa mata, sugat, baling kamay o paa, X-ray at mga pagsusuri sa laboratoryo.

7. **May mga tanong ako tungkol sa paggamit ng sistema ng pangangalagang pangkalusugan sa Ontario. Sino ang maaari kong tawagan?**

Tawagan ang ServiceOntario, INFOline sa pagitan ng 8:30 am hanggang 5:00 pm. Ang mga tauhan ay nakahandang tumulong sa iyo sa Ingles, Pranses at 20 iba pang mga wika. Tumawag sa:

- 1-866-532-3161
- TTY 1-800-387-5559
- Sa Toronto, TTY 416-327-4282

Kumuha ng karagdagang kaalaman online sa health.gov.on.ca.